

# Fatherhood and Homosexuality

The Biblical View of Homosexuality  
and the Biblical Christian Response

Derick Parfan

LEADING PASTOR, BALIWAG BIBLE CHRISTIAN CHURCH

<http://pastorderick.com>

# FATHERHOOD AND HOMOSEXUALITY

*By Derick Parfan on June 16, 2013 at Baliwag Bible Christian Church*

## **WHY "HOMOSEXUALITY" ON FATHER'S DAY?**

Why "homosexuality" on Fathers' Day? Not because I'm implying that some of the fathers here are homosexuals or struggling with homosexuality. Although that is possible.

Reason #1: Fathers are called by God to lead in confronting the issues we face in our society today. Obviously, homosexuality is a hot issue today. Maraming mga celebrities (tulad nina...) ang lumalabas at nagsasabing gay o lesbian sila. Aktibo din ang Gay Rights movement. Meron na ring mga nagpapasa ng legislation na gawing legal ang same-sex marriage. Sa US aprubado na sa ilang states. Sa atin hindi pa, pero hindi ka magtataka kung pagdating ng ilang taon baka mangyari rin. Kahit sa mga Christians, merong nagsasabi na ang homosexuality ay kasalanan. Ang iba sabi OK lang magpakasal ang dalawang lalaki o dalawang babae, na acceptable itong alternative lifestyle. Katunayan sa isang survey ngayong taon, lumabas na 73% ng mga Filipino ang nagsasabing "homosexuality should be accepted by society." Mataas na bilang iyan, mas mataas pa sa US<sup>1</sup>. Mga tatay, huwag n'yong isiping isyu lang ito sa labas ng bahay n'yo. Maaaring harapin n'yo din ito sa loob. Ayon sa 2002 Young Adult Fertility and Sexuality Study na ginawa sa mga kabataang ang edad ay 15-24, 11% sa kanila ang nagkaroon na ng premarital sex sa kapwa-lalaki (87%) o kapwa babae (13%)<sup>2</sup>. Ten years ago pa ang study na 'to. Malamang mas mataas ngayon.

Reason #2: Fatherhood (or lack of it) is a contributing factor to homosexual struggles. So, true fatherhood is also a

---

<sup>1</sup> <http://ph.news.yahoo.com/philippines-ranks-among-most-gay-friendly-world-071002901.html>

<sup>2</sup> <http://web.archive.org/web/20050401135347/http://www.yafs.com/downloads/same-sex.pdf>

contributing factor to solve that problem. I will say more about that at the end.

Ngayon, mapapansin n'yong sinasabi kong isang problema ang homosexuality, although marami sa mga tao ngayon ang magsasabi na, "Anong problema dun? OK lang yun. Choice nila yun. They were born that way."

Kaya mahalagang tingnan natin ang biblical view of homosexuality - not cultural, not societal, but biblical view. Ito ang magsasabi sa atin kung ano ang totoo tungkol sa homosexuality. Pagkatapos titingnan natin kung paano tayo magrerrespond dun.

Ano ba ang mga tamang responses dito na gusto ng Diyos na maging response natin?

Kung ikaw ay isang tatay at may anak ka o pamangkin na bakla o tomboy, will you condemn them or still love them? Sasabihin mo ba sa kanila, "Lumayas ka na sa pamamahay na 'to! Kahihiyang lang ang dulot mo sa pamilya natin!"

At lahat naman tayo may kakilala na homosexual, paano ang turing natin sa kanila? Lalayuan ba natin sila at sasabihin sa sarili natin, "Walang pag-asa ang mga taong iyan! Sa impiyerno susunugin ang kanilang kaluluwa"? O makikipagkaibigan ngayon tayo sa kanila at iaassume na OK lang naman sila at tiyak na mahal din naman sila ng Diyos.

Kung ikaw naman, you are struggling with homosexuality, nandito ka kasi naimbita ka lang. Hindi ka pa Christian pero gusto mong malaman at makilala si Jesus. Pagkatapos ng mensaheng ito, anong gagawin mo? Lalayo ka na ba sa amin o sasama pa rin at ipagpapatuloy ang lifestyle mo at aasahang maiintindihan ka rin ng mga tao?

O kung kaya ikaw ay Christian na at talagang alam mo sa puso mo na nagsisi ka na at nagtitiwala kay Jesus. Pero nararamdaman mo pa rin ang struggle sa homosexuality. Pagdududahan mo ba ang salvation mo, "Naku baka hindi pa talaga ako ligtas kasi nararamdaman ko pa 'to." O itatago mo

mga struggles mo at magpapanggap sa church na you're OK by involving sa mga ministries.

This is a tough issue. Responses are also tough. Pero ang katotohanan at tugon natin sa isyung ito ay hindi nakasalalay sa kung ano ang gusto natin o ano ang reaksiyon ng ibang tao, kundi sa kalooban ng Diyos.

## **BIBLICAL VIEW OF HOMOSEXUALITY**

Mahalagang malaman natin kung ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos dito. Hindi media o kultura natin ang magdidikta kung ano ang papaniwalaan nating tama at mali. Hindi batas ng tao ang batayan natin kung ano ang susundin, kundi ang kalooban ng Diyos. Ang hirap din ngayon, may mga nagsasabi na ang homosexuality ay OK sa Diyos gamit ang mga verses din sa Bible. Ang problema kasi sa biblical interpretation, dapat alam natin ang buong konteksto ng Bibliya - ito yung tinatawag natin sa church natin na "The Story of God." Meron itong apat na pangunahing bahagi - Creation, Rebellion, Redemption, Restoration. At kung titingnan natin ang issue ng "homosexuality" (at kahit ano pang issue!) in light of this Story, mas maiintindihan natin.

### **CREATION**

Dapat tama ang reference natin sa approach sa issue na 'to. Kung sa tao tayo magsisimula, magkakamali tayo. Pero kung ang reference natin ay ang Diyos na lumikha at makikita natin ang layunin niya sa paglikha sa tao, mas maiintindihan natin ito.

"So God created man in his own image, in the image of God he created him; male and female he created them" (Gen. 1:27). Ang klase ng pagkakalikha sa atin ng Diyos ay nagpapakita ng nais niya sa atin. Dahil tayo ay nilikha sa larawan niya, gusto ng Diyos makita sa atin kung sino siya. At ang dahilan kung bakit lalaki at babae ay dahil sa relasyon ng lalaki at babae sa konteksto ng pag-aasawa, makikita ng lubos ang larawan ng Diyos. Hindi sa relasyon ng lalaki at lalaki o babae at babae. At dahil intensiyon niya ito: "Be fruitful and multiply..." (Gen. 1:28),

kaya kailangang lalaki at babae para matupad ang nais ng Diyos sa buong mundo na kumalat pa ang kanyang "image." Sa Genesis 2, pinakita na nilikha ang babae para matugunan ang pangangailangan ng lalaki. Kailangan nila ang isa't isa. Hindi isa pang lalaki ang binigay ng Diyos kundi isang babae.

Malinaw sa story ng Creation na ang intensiyon ng Diyos sa tao ay maparangalan siya o makita ng malinaw ang kanyang larawan sa pamamagitan ng relasyon ng lalaki at babae sa pag-aasawa, kasama dito ang sexual relationship sa marriage. Any other sexual relationship not in the context of heterosexual marriage is outside of God's design. And to go outside God's intended plan is called rebellion.

### **REBELLION**

At ito ang makikita natin sa mga sumunod na bahagi ng kuwento. Simula nang magkasala sina Adan at Eba (Gen. 3) - pumasok na ang sirang relasyon ng tao sa Diyos. Ibig sabihin, ginagawa natin ang mga bagay na taliwas sa nais ng Diyos. Kasama dito ang pakikipagrelasyon na labag sa kalooban ng Diyos. At dahil sa kasalanan, pumasok ang kamatayan at ang parusa ng pagkakahiwalay ng tao sa Diyos. Dahil banal ang Diyos, anumang uri ng pagrerebelde (maliit man o malaki sa paningin ng tao) ay nararapat lamang na parusahan. Ang "homosexuality" (o pakikipagrelasyon sa kapwa-lalaki o kapwa babae na parang mag-asawa o may sekwal na nakapaloob) ay isang uri ng pagrerebelde sa Diyos? O baka hindi naman? Tingnan natin...

Naalala n'yo ang kuwento ng Genesis 19? Wawasakin na ng Diyos ang Sodom dahil sa kasamaan nito. Pero nandoon ang pamangkin ni Abraham na si Lot. Kaya nagpadala ang Diyos ng dalawang anghel (na nag-anyong mga lalaki) para iligtas si Lot. Isang gabi, habang nandoon ang dalawang anghel sa bahay ni Lot, pinaligiran ang bahay niya ng mga lalaki. Tinawag nila si Lot, "Nasaan na ang panauhin mong lalaki na dumating ngayong gabi? Palabasin mo sila rito dahil gusto namin silang sipingan" (Gen. 19:4-5).

Sa kuntekstong ito, tama ang translation ng "sipingan" (sexual intercourse). Galing ito sa salitang Hebreo na *yadah*, na ang literal na translation ay "to know" o "makilala." Ginamit din ito sa Genesis 4:1 para tukuyin ang pagsisiping (*yadah*) nina Adan at Eba kaya nagkaanak sila. Dito sa kuwentong ito, pinapakita ang isang dahilan kung bakit paparusahan ng Diyos ang Sodom - dahil sa kanilang kasamaan tulad ng homosexuality. Kaya sabi ni Jude tungkol sa Sodom at Gomorrah: "indulged in sexual immorality and pursued unnatural desire, serve as an example by undergoing a punishment of eternal fire" (Jude 7).

Sa kabila ng kasamaan ng mundo, tinawag ng Diyos si Abraham para tanggapin ang pagpapala ng Diyos at maipanumbalik ang magandang intensiyon niya sa mga tao. Kaya mula sa kanyang nanggaling ang bayang hinirang ng Diyos, ang Israel. Paglabas nila sa Egipto, nagbigay ang Diyos ng mga utos sa kanila para sundin nila at makitang sila ay nakabukod sa mga ibang bansang hindi kumikilala sa Diyos (a holy or set-apart nation, Exodus 19:4-6). Isa sa mga utos na ito ay: "Do not commit adultery" (Ex. 20:14), o huwag makikipagtalik (sa isip man o sa gawa) sa hindi asawa, kasama na dito ang "homosexuality."

Malinaw ito sa Leviticus, "You shall not lie with a male as with a woman; it is an abomination" (Leviticus 18:22); "If a man lies with a male as with a woman, both of them have committed an abomination; they shall surely be put to death; their blood is upon them" (Leviticus 20:13). Kasuklam-suklam ito sa Diyos dahil ito ay pagbaluktot sa kanyang nais sa sexuality natin - sa pagiging lalaki at babae na ayon sa kanyang larawan. Ang parusang kamatayan ay nagpapakita kung gaano kaseryoso ang Diyos dito. I'm not singling out homosexuality as the grossest of sin. Homosexuality, just like other sins, is deserving of death (Rom. 3:23; 6:23). We are all sinners, so we all deserve death.

Nakasulat sa kautusan ng Diyos ang mga ganitong bagay para ipakita sa Israel (at sa lahat ng tao!) na sila ay makasalanan. Sabi ni Pablo sa sulat niya kay Timoteo:

Now we know that the law is good, if one uses it lawfully, understanding this, that the law is not laid down for the just but for the lawless and disobedient, for the ungodly and sinners, for the unholy and profane, for those who strike their fathers and mothers, for murderers, the sexually immoral, *men who practice homosexuality*, enslavers, liars, perjurers, and whatever else is contrary to sound doctrine, in accordance with the gospel of the glory of the blessed God with which I have been entrusted (1 Timothy 1:8-11).

Pansinin n'yong ang homosexuality at sexual immorality ay kabilang sa listahan ng mga makasalanan (kasama din ang mga sinungaling at madaraya) - mga taong salungat sa napakagandang plano ng Diyos, mga taong sariling hilig ang nasusunod at hindi iniisip ang magbigay karangalan sa Diyos. At walang lugar sa kaharian ng Diyos ang sinumang magpapatuloy sa paglapastangan sa Diyos. Sabi ni Pablo sa isa sa mga sulat niya:

Or do you not know that the unrighteous will not inherit the kingdom of God? Do not be deceived: neither the sexually immoral, nor idolaters, nor adulterers, nor *men who practice homosexuality*, nor thieves, nor the greedy, nor drunkards, nor revilers, nor swindlers will inherit the kingdom of God (1 Corinthians 6:9-10).

At sinabi din ni Pablo sa Romans na ang parusa ng Diyos sa ginawa ng taong ipagpalit ang karangalan ng Diyos sa mga bagay o tao sa mundo ay hayaan silang malubog sa kahihyan ng kanilang mga gawain:

For this reason God gave them up to dishonorable passions. For their women exchanged natural relations for those that are contrary to nature; and the men likewise gave up natural relations with women and were consumed with passion for one another, men committing shameless acts with men and receiving in themselves the due penalty for their error (Romans 1:26-27).

Again, hindi lang homosexuality ang issue dito - kasama ang gossiping, disobedience to parents, envy, boasting, slandering. At kahit hindi tayo ang gumagawa ng mga bagay na ito pero kung sinasabi nating OK lang ang mga ito, kasama din tayo sa parusa ng Diyos. "Though they know God's decree that those

who practice such things deserve to die, they not only do them but give approval to those who practice them" (Romans 1:32).

This is the truth. Truth hurts. Ang homosexuality ay pagrerebelde sa Diyos at tulad ng anumang kasalanan ay nararapat na parusahan ng Diyos. At sinasabi ito ng Bibliya hindi para i-condemn tayo, kundi para marealize natin ang problema at hanapin natin ang solusyon hindi sa sarili natin o sa ibang tao kundi kay Cristo lang. Nakita natin ang bad news about homosexuality, pero hindi dapat doon magtapos ang kuwento. There's a good news of redemption in Jesus.

### **REDEMPTION**

Lahat tayo ay nagrebelde sa Diyos at dapat lamang parusahan dahil makatarungan ang Diyos. Dahil din sa katarungan ng Diyos, gumawa siya ng paraan para mapatawad ang kasalanan natin at maibalik tayo sa isang malapit na relasyon sa kanya. Ginawa niya ito dahil sa kanyang pag-ibig sa ating mga makasalanan at para bigyang karangalan ang kanyang pangalan na matagal na nating tinatapak-tapakan. Nangyari ang planong ito ng pagliligtas ng Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus at kanyang muling pagkabuhay. At ang mabuting balita ay lahat ng mga rebelde ay makakabalik sa Diyos hindi kapag nalinis na nila ang kanilang masamang gawa at hindi na sila magkasala, kundi sa pamamagitan lamang ng pagsisisi at pagtanggap ng regalo ng Diyos na nakay Cristo.

Pansinin n'yo sa mga talatang binasa natin sa sulat ni Pablo sa Romans, 1 Timothy at 1 Corinthians na nagpapakita ng bad news para sa mga homosexuals (at lahat ng makasalanan)...may kasunod palaging good news. That's the design of the law, to show our helplessness and lead us to Christ (see Galatians 3:24-25).

And such were some of you. But you were washed, you were sanctified, you were justified in the name of the Lord Jesus Christ and by the Spirit of our God. (1 Corinthians 6:11)

The saying is trustworthy and deserving of full acceptance, that Christ Jesus came into the world to save sinners, of whom I am the foremost. But I received mercy for this reason,



that in me, as the foremost, Jesus Christ might display his perfect patience as an example to those who were to believe in him for eternal life. (1 Timothy 1:15-16)

But now the righteousness of God has been manifested apart from the law, although the Law and the Prophets bear witness to it—the righteousness of God through faith in Jesus Christ for all who believe. For there is no distinction: for all have sinned and fall short of the glory of God, and are justified by his grace as a gift, through the redemption that is in Christ Jesus, whom God put forward as a propitiation by his blood, to be received by faith. This was to show God's righteousness, because in his divine forbearance he had passed over former sins. It was to show his righteousness at the present time, so that he might be just and the justifier of the one who has faith in Jesus. (Romans 3:21-26)

Jesus, Jesus, Jesus! It's all about him! Kaya kung struggling ka sa homosexuality, the only way is to go to Jesus. Kung meron kang kaibigang struggling sa homosexuality, the only way is to lead him or her to Jesus. There is no other way (see John 14:6). Totoo ngang kahit nasa iyo na si Cristo, posible pa rin na magstruggle sa homosexuality. Like we all struggle still with sins, right? So we fight against sin everyday with the cross of Jesus, with the gospel, with the reminder that there is now no condemnation for those who are in Jesus (Romans 8:1). At ang dapat nating tandaan, maganda ang ending ng Story. At ito ang pag-asa nating lahat, pati mga homosexual strugglers. Pero bago ko sabihin sa inyo ang ending ng Story, tingnan muna natin kung ano ang dapat nating gawin in response sa itinuro sa atin ng Salita ng Diyos tungkol sa homosexuality.

## **CHRISTIAN RESPONSES TO HOMOSEXUALITY**

Let's tackle this part on a personal level. Oo nga't may politics na involve dito kasi major issue ito sa society natin, pero hindi muna iyan ang pag-usapan natin. Personalan muna tayo. Paano kung ikaw ang may struggle sa homosexuality? At paano naman kung may kilala kang struggling sa homosexuality – Christian man siya o hindi.

## **IF YOU ARE STRUGGLING**

**Confession of sin.** Siyempre hindi makakatulong kung idedeny mo. Dapat aminin mo sa sarili mo unang-una na may problema, na nagkasala ka sa Diyos at di sumunod sa nais niya. Be humble and honest in confession. Hindi mo kailangang ijustify ang sarili mo. Hindi mo kailangang sabihin sa Diyos, "Lord, magpapakatino na po ako, aayusin ko na ang sarili ko." Just admit your sin.

**Cross of Christ.** Then go to the cross. Sabihin mo sa Diyos na si Jesus lang ang kailangan mo para makabalik sa kanya. Kahit Christian ka na, paulit-ulit kang bumalik sa krus. Repentance and faith is not a one time deal. The Christian life is a life of daily repentance and faith. Tanggapin mong ang kasalanan mo ay bayad na ni Jesus dati pa, tapos na noong mamatay siya sa krus para sa iyo. Wala ka nang dapat bayaran.

**Cleansing.** Then receive his cleansing. Hindi ka na marumi. Oo nga't nakagawa ka ng mga maruming bagay at maaaring nakagawa pa rin. Pero sa mata ng Diyos malinis ka na, pinatawad ka na. Hindi ang sasabihin ng ibang tao ang magdedefine sa identity mo, kundi ang sinasabi sa iyo ng Diyos, "Pinatawad ka na at nilinis dahil sa pakikipag-isa mo kay Cristo." Tandaan mo iyan.

**Commitment to Community.** You need the church. Oo nga't hindi perfect ang church at may mga nagawa para maramdaman ng mga homosexuals na condemned sila at di katanggap-tanggap. Pero kailangan mo pa rin ng mga kaagapay sa patuloy mong pakikipaglaban sa kasalanan. When you confess, hindi pwedeng sa Diyos lang. "Confess your sins to one another and pray for one another that you may be healed" (James 5:16). Wala kang dapat ikahiya kung magpapakatotoo ka. Kung kanino ka man magconfess, makasalanan din naman siya. Lahat naman tayo dito sinners, pero naligtas dahil sa biyaya ng Diyos. Tulungan tayo. At kung magkaroon ka man ng accountability partner o kaibigan, hindi makakatulong kung kayong dalawa lang. Dapat nasa context ng group. Baka mahulog pa kayong dalawa sa tukso kung dalawa lang. We are

family sa church. Hindi magandang makita na dalawang babae (o dalawang lalaki) palaging magkasama. Tulungan tayo sa church.

### **IF YOU KNOW SOMEONE STRUGGLING**

**Compassion.** Paano halimbawa kung merong umattend sa atin na nakacrossdress? Anong magiging reaksiyon natin? Anong mararamdaman niya sa pagtanggap natin? Minsan nakachat ko ang schoolmate ko nung highschool. Crossdresser na siya ngayon at mukhang babae na. Tinanong ko kung gusto niyang umattend sa church natin. Nag-alangan siya. Sabi niya, "Baka masunog ako diyan." Nagtanong pa siya na kung pwede niyang isama boyfriend niya. Sabi ko, "Why not?" Yun bang paano natin maipapadama sa kanila na hindi natin sila itinataboy. Na with open arms tatanggapin natin sila dito at kakaibiganin at ipapakita kung paano magmahal ang isang tagasunod ni Jesus ng mga makasalanan kung paano ring si Jesus ay nagpakita ng compassion sa mga makasalanan. So we don't condemn them. But we also don't condone their homosexuality. Darating at darating ang panahon na we need to confront them.

**Confrontation.** Hindi ito sa paraang sasabihin natin sa kanila, "Alam mo bang sa impierno ka mapupunta!" Kundi sa paraang ipapakita natin sa buong Story of God na merong Diyos na lumikha sa kanila at minamahal sila at nais silang maibalik sa kanya sa pamamagitan ni Jesus. Lovingly confront them with the Story of God. Ibig sabihin, gagawin natin at sasabihin natin ang dapat para mailapit sila kay Jesus. Maybe it's your son or your friend, you lead them to Jesus.

**Cross of Christ.** Kahit na Christian na sila, palagi pa rin nating ipapaalala sa kanila kung ano ang ginawa ni Jesus, kung paano ipinadama ng Diyos ang kanyang pag-ibig (Rom. 5:8) nang higit pa sa pagmamahal na nakukuha nila sa boyfriend o girlfriend nila.

**Caring in Community.** God created us for relationship. At isang paraang itinakda niya para maranasan natin ito ay sa pamamagitan ng koneksyon sa isa't isa na walang halong sexual desires (maliban lang sa mag-asawa). Kaya meron

tayong church. Na maipadama natin sa mga struggling with homosexuality na kahit ano pa ang issues nila, handa tayong yakapin sila at mahalín bilang kapatid kay Cristo. Hindi ito madali kasi hindi tayo sanay. Lalo pa kung nagkaroon tayo ng takot sa kanila. Noong highschool ako, naisipan kong manood nang sine nang mag-isa. Ayaw ko nang maulit. Meron kasing tumabi sa akin na isang matandang bakla. Tapos niyayaya ako sa CR at babayaran niya daw ako nang 500 pesos. Hindi ako kumikibo (hindi dahil naliliitan ako sa bayad!) kundi natatakot ako. Pagkaraan ng ilang sandali, umalis na lang siya. Siguro nagkaroon ako ng "homophobia" kasi parang ayaw kong nakikipag-usap sa kanila, ayaw ko ring magpagupit sa bakla.

Siyempre binago ito ng Diyos sa puso ko. Nainvolve ako sa ministry ng Living Waters - isang special na ministry na tumutulong sa mga Christians sa healing ng kanilang sexual and relational brokenness. Malaki ang naitulong sa aming mag-asawa ng grupong ito. Pati ilan sa atin sa church naexperience din sa 8-week na CrossCurrent program natin. Naging bahagi na ako ng leadership nito. Merong ilan sa mga leaders nila ang background na issue ay same sex attraction. Minsan naimbitahan akong magturo sa sa Cuenca, Batangas tungkol sa unfailing love ng Diyos. Apat kaming lalaki. Ang tatlong kasama ko ang naging struggle ay homosexuality - at katabi ko sila sa pagtulog! OK lang sa akin kasi I consider them "brothers"! Part of my healing ay iyong ipakita din ang pagmamahal sa mga kapatid ko kay Cristo. We all struggle in one way or another. We don't judge each other, we love each other.

Kung gusto n'yong mas maranasan pa itong sinasabi ko - homosexuality man ang struggle mo, pornography addiction, sexual immorality o anumang may kinalaman sa relasyon sa ibang tao - you can attend their 25-week Living Waters program simula sa June 25 sa GCG Ortigas. O kung magkaroon tayo ng bagong batch ng CrossCurrent, sali kayo, malaking tulong.

## **FATHERHOOD, HOMOSEXUALITY, AND THE END**

Sabi ko kanina babanggitin ko kung ano ang kinalaman ng fatherhood sa homosexuality. Sinabi ko din na hindi pa tapos yung Story na binanggit ko kanina - Creation, Rebellion, Redemption, meron pang isa - Restoration. Fatherhood, Homosexuality, Restoration (end of The Story) - lahat iyan may kinalaman sa relationship. Ito ang ibig kong sabihin.

Isa sa magandang disenyo ng Diyos sa ating paglaki simula pagkabata ay maranasan natin ang pagmamahal at paggabay ng ating mga magulang - lalo na ng tatay. Mahalaga siyempre ang nanay. Pero merong primary role ang tatay. Marami sa atin (hindi man lahat) ang lumaking merong mga "father wounds." Ibig sabihin, meron sa puso natin na nararamdaman tayong kulang kasi hindi naibigay ng tatay ang atensyon, pagsubaybay, affirmation, at pag-ibig na kailangan natin. So, ang ginawa natin, humanap tayo ng paraan para mapunan ang kakulangan sa puso natin. At sa paghahanap na iyon, because of our deep need for connection, nauwi sa sexual expressions na di nakalulugod sa Diyos. Isa rito ang homosexuality. Kapag ang isang lalaki ay naramdaman ang init ng yakap ng isa pang lalaki na hindi niya naramdaman sa tatay niya o kapag ang isang babae ay bumaling sa ibang babae dahil sa hindi madandang trato sa kanya ng tatay niya.

Siyempre hindi lang homosexuality, kundi iba pang sexual immoralities. Nangyayari kasi nga we long for deep connections. Pero ang problema - bumabaling tayo sa ibang tao para hanapin ang kulang na iyon sa puso natin sa halip na sa Diyos na lumikha sa atin at nagmamahal sa atin nang walang kulang. Ito din ang pagkakamali ng Israel. Sabi ng Diyos, "For my people have committed two evils: they have forsaken me, the fountain of living waters, and hewed out cisterns for themselves, broken cisterns that can hold no water" (Jeremiah 2:13). Homosexuality is a broken cistern.

Kaya napakalaki ng responsibilidad nating mga tatay. Habang bata pa lang ang mga anak natin, paglaanan natin ng oras, yakapin natin, sabihan nating, "Ang galing mo naman!" o "Ang

ganda naman ng anak ko!" Ipakita nating mahal natin sila at mahalaga sila. Oo nga't hindi tayo perpekto. Kaya dun naman pumapasok ang grace ng Panginoon. Na ang responsibilidad natin ay hindi punuan ang lahat ng kulang sa puso ng anak natin kundi ituro sila at gabayan sila sa Diyos nating Amang nasa langit na siya lamang talaga ang makapagpupuno noon.

He is the fountain of living waters. Lahat tayo uhaw sa pagmamahal. Kaya lumapit tayo kay Jesus. At ilapit natin ang mga tao kay Jesus. A completely restored relationship with God and a completely healed heart will be the ending of The Story. Iyon ang pag-asa natin. Iyon ang panabikan nating lahat - ang pagbabalik ni Jesus para pakasal sa kanyang Bride - ang Iglesia. Ito ang relasyong hindi ka bibiguin, hindi mo pagsisisihan. "The Spirit and the Bride say, "Come." And let the one who hears say, "Come." And let the one who is thirsty come; let the one who desires take the water of life without price" (Rev. 22:17).